Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ayon sa Batas ng Demand, ano ang mangyayari sa demand ng produkto kapag bumaba ang presyo nito?
a. bababa b. mananatili c. pabago-bago d. tataas

2. Ito ay ang grapikong paglalarawan sa ugnayan ng presyo at quantity demanded ng isang produkto o serbisyo.
a. batas ng demand c. demand function b. demand curve d. demand schedule

3. Kaninong desisyon nakabatay ang dami ng demand ng isang produkto o serbisyo?
a. konsyumer b. pamahalaan c.pamilihan d. prodyuser

4. Kailan maituturing na may demand ang isang tao?
a. Kapag may gusto siyang bilhin
b. Kapag nakaramdam siya ng gutom
c. Kapag kailangan niya ang isang produkto o serbisyo
d. Kapag may kagustuhan at kakayahan siyang bumili ng produkto o serbisyo

5. Ito ay ang isang talaan na nagpapakita ng dami ng quantity demanded ng isang produkto sa iba't-ibang presyo.
a. batas ng demand c. demand function b. demand curve d. demand schedule

6. Maraming mga konsyumer ang nahikayat bumili ng mga produkto at serbisyo kapag ito ay nauuso. Ano ang tawag sa sitwasyong ito?
a. fashion c. ceteris paribus b. bandwagon effect d. building self-esteem

7. Kung ang normal goods mo ay karne, at inferior goods mo naman ang sardinas, ano ang mangyayari sa demand mo sa karne kung tataas ang iyong kita?
a. mababawasan c. madagdagan
b. hindi magbabago d. pabago-bago

8. Ito ay tawag sa mga produkto na tumataas ang demand kapag bumaba ang kita ng mga mamimili.
a. Bandwagon c. Ceteris paribus b. Inferior goods d. Normal goods

9. Ito ay nagpapahayag na kapag tumaas ang presyo ng isang produkto, ang mga mamimili ay hahanap ng mas murang pamalit dito.
a. income effect c. inferior goods b. normal goods d. substitution effect

10. Ito ay tawag sa mga produktong sabay na ginagamit , maaaring di magamit ang isang produkto kung wala ang isa.
a. complementary goods c. inferior goods b. normal goods d. substitute goods

11. Ito ay tawag sa mga produktong bibilhin ng mga mamimili kung wala silang kakayahang bilhin ang unang produktong nagustuhan nila.
a.complementary goods c . inferior goods
b. normal goods d. substitute goods

12. Upang matugunan ang pangangailangan, ang mga mamimili ay dapat maging matalino sa pamamahala ng kanyang demand. Ano ang karaniwang nangyayari sa demand ng mga mamimili sa kanyang inferior goods kung bumaba ang kanyang kita?
a. bababa b. mananatili c.mag babago d. tataas

LIVEWORKSHEETS

13. Nag anunsyo ang isang kompanyang gumagawa ng cellphone na magkakaroon sila ng anniversary sale at bababa ang presyo ng kanilang mga paninda sa loob ng isang linggo. Ano ang mangyayari sa demand ng mga cellphone na paninda nila sa loob ng linggong iyon?
a. bababa b. mananatili c.mawawala d. tataas

14. Ang presyo ay isang mahalagang salik na nakaaapekto sa demand. Paano inilarawan ang ugnayan ng presyo at quantity demanded ng mga produkto at serbisyo?
a. magkasangga c. magkataliwas
b. magkaagapay d. magkasundo

15. Ang kurba ng demand ay isa sa mga nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng presyo at quantity demanded. Ano ang ipinapahiwatig kapag lumipat ang kurba ng demand sa kaliwa?
a. bumaba ang quantity demanded b. nanatili ang quantity demanded
c. hindi matatag ang quantitydemanded d. tumaas ang quantity demanded

Mula sa demand function na **Qd=400-2P** ay buuin ang demand schedule ng kilo ng mangga. Ipakita o isulat ang pag-compute ng mga kulang sa demand schedule at gumawa ng demand curve sa iyong graphing paper.

| Punto | Presyo | Quantity Demand |
|---|---|---|
| A | 200 | _______ |
| B | ______ | 100 |
| C | 125 | _______ |
| D | ______ | 200 |
| E | _______ | 250 |
| F | 50 | ______ |

LIVEWORKSHEETS